# Mga Bagong Numero Para Sa Mga Biktima Ng Karahasan Sa Tahanan

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Paano mag-apply para sa isang bagong numero | 1 |
| Baguhin ang inyong pangalan sa inyong card | 3 |
| Pagkakaloob ng katibayan na kailangan ninyo | 3 |
| Paghahadlang ng access sa inyong rekord | 3 |


Sinuman ay maaaring maging isang biktima ng karahasan sa tirahan. Kung kayo ay naging isang biktima ng karahasan mula sa kapamilya, harassment, pang-aabuso, o mga pangyayari na nailagay sa panganib ang buhay, maaaring makatulong sa inyo ang Social Security.

Ipinagdidiinan ng mga kampanya para sa pampublikong kaalaman kung gaano kahalaga para sa mga biktima na makabuo ng mga planong pangkaligtasan na kabilang ang paglilikom ng mga personal na dokumento at pagpili ng ligtas na lugar na mapupuntahan. Minsan, ang pinakamainam na paraan na maiwasan ang isang taong nang-aabuso at mabawasan ang panganib ng dagdag pang karahasan ay ang paglilipat ng tirahan at pagtatatag ng isang bagong pagkatao. Kasunod ng mga pagbabagong ito, ang pagkuha ng bagong numero ng Social Security ay maaaring makatulong rin.

Kahit na ang Social Security ay hindi regular na nagtatalaga ng mga bagong numero, gagawin namin ito kapag may katibayan na kayo ay naha-harass o inaabuso, o nasa panganib ang inyong buhay.

Ang pag-a-apply para sa isang bagong numero ay isang malaking desisyon. Ang kakayahan ninyong makipag-ugnayan sa mga ahensyang pederal at pang-estado, mga employer, at iba pa ay maaaring maapektuhan; ang inyong pinansiyal, medikal, pantrabaho, at iba pang mga rekord na mailalagay sa inyong dating numero sa Social Security at pangalan (kung baguhin ninyo ang inyong pangalan). Kung inaasahan ninyong mabago ang inyong pangalan, mangyari lang gawin ito bago mag-apply para sa isang bagong numero.

## Paano mag-apply para sa isang bagong numero

Kailangan ninyong mag-apply nang personal sa alinmang tanggapan ng Social Security. Tutulungan namin kayong kumpletuhin ang

isang pahayag na nagpapaliwanag kung bakit ninyo kailangan ng isang bagong numero at application para sa isang bagong numero. Dagdag pa dito, kailangan ninyong ipakita:

- Ang isang katibayan na nagsasadokumento ng harassment, pang-aabuso, o paglalagay sa panganib ng buhay;
- Ang inyong kasalukuyang Social Security na Numero;
- Ang mga katibayang dokument na nagtatatag ng inyong:
  - — Pagiging mamamayan ng Estados Unidos o katayusan sa imigrasyon ng awtorisasyon na magtrabaho;
  - — Edad; at
  - — Pagkakakilanlan.
- Ang katibayan ng inyong legal na pagbabago ng pangalan kung nagbago kayo ng pangalan.

At, kakailanganin rin naming makita ang mga dokumento na nagpapakita na nasa kustodya ninyo ang sinumang bata na kung saan humihiling kayo ng mga bagong numero at mga dokumento na nagpapatunay ng kanilang pagiging mamamayan sa Estados Unidos, mga edad at mga pagkakakilanlan.

***Ang lahat ng mga dokumento ay dapat mga orihinal o kopya na may sertipiko ng nagpalabas na ahensya. Hindi namin matatanggap ang mga photocopy o na-notaryong kopya ng mga dokumento.*** Maaari kaming gumamit ng isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang inyong pasaporte sa Estados Unidos bilang katibayan sa parehong pagiging karapat-dapat sa pagtrabaho at pagkakakilanlan. O, maaari naming gamitin ang inyong birth certificate bilang katibayan ng edad at pagiging mamamayan. ***Gayunman, kailangan ninyong magkaloob ng kahit man lang dalawang hiwalay na mga dokumento.***

Ipapadala namin sa inyo sa koreo ang inyong numero at card sa sandaling mayroon kami ng lahat ng inyong impormasyon at napatotohanan ang inyong mga dokumento sa mga nagpapalabas na tanggapan.

## Pagiging mamamayan at katayuan sa imigrasyon

Isang mamamayan ng Estados Unidos: Kami ay tatanggap lang ng ilang uri ng mga dokumento bilang katibayan ng pagiging mamamayan sa Estados Unidos. Kabilang sa mga ito ang birth certificate o pasaporte sa Estados Unidos.

Hindi mamamayan: Para mapatunayan ang inyong katayuan sa imigrasyon, ipakita sa amin ang inyong kasalukuyang dokumento sa imigrasyon tulad ng inyong I-94, *Arrival/ Departure Record*, na nagpapakita ng klase ng admission na nagpapahintulot sa pagtatrabaho, o ang inyong Form I-766, *Employment Authorization Document (EAD, permiso na makapagtrabaho)*. Kung kayo ay isang F-1 o M-1 na estudyante, kailangan rin ninyong ipakita sa amin ang inyong I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Di Imigranteng Katayuan ng Mag-aaral)* . Kung kayo ay isang J-1 o J-2 na exhange visitor, ipakita sa amin ang inyong DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status (Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuan ng Exchange na Bisita)*.

## Edad

Ipinanganak sa Estados Unidos: Kailangan ninyong ipakita ang inyong birth certificate kung mayroon kayo. Kung wala kayong birth certificate, maaari naming tanggapin ang inyong:

- Rekord ng relihiyon na ginawa bago ang edad na 5 taong gulang na nagpapakita ng petsa ng kapanganakan;
- rekord sa ospital sa Estados Unidos o kapanganakan sa Estados Unidos; o
- pasaporte sa Estados Unidos.

Ipinanganak sa ibang bansa: Kailangan ninyong ipakita ang inyong dayuhang birth certificate kung mayroon kayo nito o makukuha ang kopya nito sa loob ng 10 araw na may pasok sa trabaho. Kung hindi ninyo ito makuha, maaari naming tanggapin ang inyong:

- Pasaporte sa ibang bansa;
- I-551, *Permanent Resident Card*; o
- I-94 *Arrival/Departure Record*.

### Pagkakakilanlan

Kami ay tatanggap lang ng ilang uri ng mga dokumento bilang katibayan ng pagiging mamamayan sa Estados Unidos. Ang isang katanggap-tanggap na dokumento ay dapat may bisa (hindi nagpaso na) at ipinapakita ang inyong pangalan, nagpapakilalang impormasyon, at mas mainam, isang pinakabagong litrato.

Isang mamamayan ng Estados Unidos: Hihilingin mula sa amin ng Social Security na makita ang driver's license sa Estados Unidos, ipinalabas ng Estados Unidos na ID ng di-driver, o pasaporte sa Estados Unidos bilang katibayan ng pagkakakilanlan. Kung wala kayo ng mga partikular na dokumento na aming hinihiling, hihilingin namin na makita ang iba pang mga dokumento, kasama na ang:

- Sertipiko ng Naturalization;
- Sertipiko ng Pagkamamamayan ng Estados Unidos;
- ID card ng empleyado;
- ID card sa paaralan;
- Health insurance card (hindi Medicare card);
- ID card sa militar ng Estados Unidos.

Hindi mamamayan: Hihilingin sa inyo ng Social Security na makita ang inyong kasalukuyang mga dokumento sa imigrasyon ng Estados Unidos. Ang mga katanggap-tanggap na dokumento sa imigrasyon ay kinabibilangan ng inyong:

- I-551, *Permanent Resident Card*;
- I-94, *Arrival/Departure Record* sa inyong hindi pasong dayuhang pasaporte; o
- I-766, *Employment Authorization Card* (EAD, permiso na magtrabaho) mula sa DHS.

## Baguhin ang inyong pangalan sa inyong card

Tumatanggap kami ng inutos ng korte at naaprubahan na legal na pagbabago ng pangalan na dokumento na nagbibigay suporta sa inyong hinihiling na pagbabago ng pangalan.

## Pagkakaloob ng katibayan na kailangan ninyo

Ang pinakamabuting katibayan ng abuso ay mula sa mga ikatlong panig, tulad ng mga tauhan ng pulis o medikal, at inilalarawan ang likas at saklaw ng harassment, pang-abuso, o paglalagay ng panganib sa buhay. Maaaring kabilang sa ibang mga katibayan ang mga restraining order mula sa korte at mga liham mula sa mga shelter, mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, mga counselor, o iba pang may kaalaman tungkol sa karahasan sa tahanan o pang-aabuso. Tutulungan namin kayong makakuha ng anumang karagdagang mga katibayan na kinakailangan.

## Paghahadlang ng access sa inyong rekord

Maaari ninyong piliin na hadlangan ang electronic na pag-access sa inyong rekord sa Social Security. Kapag ginawa ninyo ito, walang iba kung hindi kayo, ang maaaring makakuha o mabago ang inyong personal na impormasyon online o sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono. Kung hadlangan ninyo ang access sa inyong rekord, at tapos ay magbago ang inyong isip, maaari kayong makipag-ugnayan sa Social Security at hilingin sa amin na alisin ang paglalagay ng hadlang dito. Magpunta sa

***www.socialsecurity.gov/blockaccess*** para hadlangan ang electronic na pag-access ng inyong personal na rekord.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

**National Domestic Violence Hotline**
**1-800-799-SAFE (7233)**
(TTY) **1-800-787-3224**

Securing today and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10093-TL | August 2017
Mga Bagong Numero Para Sa Mga Biktima Ng Karahasan Sa Tahanan
New Numbers for Domestic Violence Victims (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito